

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Mag-enjoy sa positibong pakiramdam sa diwa ng holiday sa Winter Lights Festival ng Brampton– Nobyembre 20-22**

BRAMPTON, ON (Nobyembre 6, 2020) – Isuot ang inyong paboritong holiday sweater at damhin ang diwa sa holiday online at sa downtown Brampton sa taunang Winter Lights Festival mula Biyernes, Nobyembre 20 hanggang Sabado, Nobyembre 22!

Ang festival sa taon na ito ay maiiba ang hitsura dahil sa COVID-19, na may personal at birtwal na mga event, dahil ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ang prayoridad ng Lungsod. Para sa karagdagang impormasyon sa lahat ng mga event sa ibaba, at sa online na mga aktibidad para sa mga pamilya sa buong weekend, bisitahin ang [brampton.ca/winterlights](http://brampton.ca/winterlights).

### **Mga personal na event**

- **Bago! Drive-Thru Light Experience** | Gage Park | Biyernes, Nobyembre 20; Sabado, Nobyembre 21 at Linggo, Nobyembre 22 mula 6 hanggang 10 pm

Mag-drive sa Gage Park at tingnan ito na kumikinang sa mas maraming inilalagay na ilaw kaysa dati sa Drive-Thru Light Experience sa buong haba ng weekend! Kailangan ang pagpapatala para makasali. [I-click dito](#) para i-book ang iyong puwesto.

- **Christmas Market** | Ken Whillans Square | Biyernes, Nobyembre 20 mula 4 hanggang 10 pm; Sabado, Nobyembre 21 mula 11 am hanggang 11 pm at Linggo, Nobyembre 22 mula 11 am hanggang 8 pm

Umpisahan ang iyong pamimili sa holiday sa outdoor Christmas Market sa taon na ito sa Ken Whillans Square na ipinipresenta ng TD, kumpleto sa unique na mga regalo at mga matatamis na treat. Ang unang 50 dadalo ay tatanggap ng \$10.00 Downtown BIA gift certificate bilang door crusher prize. Susundin ng market ang mga patnubay ng Peel Public Health – kakailanganin sa mga bisita na magsuot ng mask, isagawa ang paglayo mula sa iba kung posible, at panatilihin ang mabuting kalinisan. Bisitahin ang [brampton.ca/winterlights](http://brampton.ca/winterlights) para sa kumpletong mga detalye.

### **Mga birtwal na event**

- **Taunang Pag-ilaw sa Punong-kahoy** | [brampton.ca/winterlights](http://brampton.ca/winterlights) | Biyernes, Nobyembre 20 sa 5:30 pm

Ang taunang Pag-ilaw sa Punong-kahoy, na ginawang posible ng Alectra Utilities, ay ang opisyal na panimulang pagdiriwang ng Brampton para sa panahon ng holiday. Sa taon na ito, bisitahin ang [brampton.ca/winterlights](http://brampton.ca/winterlights) sa 5:30 pm para sa video countdown kasama si Mayor Patrick Brown para pailawin ang higit sa 10,000 Christmas lights sa 60 talampakang spruce tree ng Lungsod sa Ken Whillans Square. Walang personal na event sa taon na ito.

- **Parada ng Santa Claus ng Brampton** | [Parada ng Santa Claus ng Brampton sa pahina sa Facebook](#) | Sabado, Nobyembre 21 sa 5 pm

Ang Parada ng Santa Claus ng Brampton, na ipinipresenta ng Rotary Club ng Brampton, ay magaganap online sa taon na ito. Sa pinaka-unang pagkakataon, ang mga residente ay maaaring mag-enjoy sa isang espesyal na online na presentasyon simula 5 pm sa [Parada ng Santa Claus ng Brampton sa pahina sa Facebook](#). Ang presentasyon ay nagtatampok ng mga highlight mula sa nakalipas na mga taon at bagong footage ng Santa habang nagbibiyaha siya sa buong Brampton! Walang personal na event sa taon na ito. Bisitahin ang [bramptonSantaClausParade.com](http://bramptonSantaClausParade.com) para sa karagdagang impormasyon.

Nagpapasalamat ang Lungsod ng Brampton sa mga isponsor nito para sa 2020 Winter Lights Festival: TD, Alectra Utilities, Allstate, Bell, Bramalea City Centre, CN at Tim Hortons. Huwag kalimutan na gamitin ang hashtag kapag ibinabahagi mo ang iyong karanasan sa social media - #BramptonWinterLights.

### **Mga Quote**

“Ito ay mahirap na taon para sa marami, at nananabik tayo na palaganapin ang saya sa Winter Lights Festival ng taon na ito. Mag-book ng tiket sa bagong Drive-Thru Light Experience, mamili sa lokal na negosyo sa Christmas Market, panoorin online ang Parada ni Santa Claus – huwag mag-alala, bibisitahin si Santa sa Brampton sa taon na ito! – at sumali sa akin online habang nagka-countdown tayo sa online na Pag-ilaw sa Punong-kahoy. Happy holidays!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Winter Lights Festival sa taon na ito ay magiging isang unique at masayang karanasan para sa lahat. Makikita mo ang Taunang Pag-ilaw sa Punong-kahoy ng Lungsod online, at panoorin ang Parada ni Santa Claus mula sa ginhawa ng inyong tahanan sa taon na ito. At, pwede kayong magmaneho papunta sa pag-ilaw ng Gage Park na hindi pa kailanman naganap at mag-enjoy sa Christmas Market!”

- *Paul Vicente, Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Masipag na nagtatrabaho ang staff ng Lungsod at mapanlikha na isinasabuhay ang 2020 Winter Lights Festival sa kapwa personal at birtwal na mga event. Tiyakin na isagawa ang mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan habang nararanasan mo ang personal na mga event at mag-enjoy sa mga birtwal na event sa ginhawa ng inyong sariling bahay!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)